CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Mayo 8, 2020
Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Ang Lungsod ng Long Beach ay nagbabago ng Paghihiwalay, Utos ng Kuwarentinang Pangkalusugan.

May kasamang pagpapalawak ng panahon ng paghihiwalay ng sarili at pagbabago kuwarentina sa panahon ng panganib ng pagkahawa

Long Beach, CA - Ngayon, ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ay naglabas ng mga susog sa parehong Utos ng Paghihiwalay at ang Utos sa Kuwarentina, sa isang pagsisikap na patuloy na bagalan ang pagkalat ng COVID-19, protektahan ang matatandang ibdibidwal, at pigilan ang pag labis sa sistema ng pangangalaga ng kalusugan.

“Habang sinisimulan nating buksan ang Long Beach, dapat ipagpatuloy na sundan ang agham upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ang pinagbagong mga utos sa Paghihiwalay at Kuwarentina ay nagsisiguro na ginagawa namin ang lahat ng aming makakaya upang mapanatiling ligtas ang Long Beach.”

Ang bagong ebidensya ay nagmumungkahi na ang virus ay maaaring nakakahawa nang mas maaga at maaaring mas matagal na mawala. Samakatuwid, ang mga bagong utos ay inisyu tungkol sa paghiwalay sa sarili, para sa mga taong mayroon o maaaring mayroong COVID-19, at kuwarentina, para sa mga maaaring may pakikipag-ungay COVID-19.

Paghihiwalay ng Sarili
Ang pagbabago ay nanghihiling sa mga indibidwal na may resultang positibo, o may mga sintomas, o naniniwalang maaaring positibo sa COVID-19 na ihiwalay ang sarili **nang hindi bababa sa 10 araw matapos lumabas ang mga sintomas**(dating 7 araw),

AT **hindi bababa sa tatlong araw (72 oras) matapos mawala ang lagnat** na walang paggamit ng gamot, alinman sa dalawa ang huling maganap.

Sinumang kinakailangang humiwalay ay hindi maaaring umalis sa kanilang lugar o pumasok sa anumang pampubliko o pribadong lugar para sa tagal ng kanilang pakikipaghiwalay, maliban kung kailangan tumanggap ng pangangalagang medikal. Bilang karagdagan, ang mga indibidwal na naghihiwalay ng sarili ay kinakailangan abisuhan ang sinumang may malapit na pakikipag-ugnay sa kanila ng 48 oras bago magsimula ang mga sintomas upang ang mga ito ay maaaring magkuwarentina ng sarili.

Para sa layunin ng Utos ng Paghihiwalay, ang isang tao ay mayroon o maaaring mayroong COVID-19 kung:

- Nakatanggap sila ng positibong pagsusuri para sa COVID-19.
- Nagpapakita sila ng mga sintomas na naaayon sa COVID-19 sa loob ng 14 na araw ng malapit na pakikipag-ugnay sa isang tao na mayroon o pinapaniwalaang maaaring mayroong COVID-19.
- Sinabihan sila ng isang manggagamot, nars practitioner, o katulong ng manggagamot na posibleng mayroon sila ng COVID-19.

Ang sinumang tao na mayroon ng mga kundisyon sa itaas ay dapat sumunod sa mga iniaatas na itinakda sa Mga Tagubilin sa Pakikipaghiwalay sa Tahanan para sa mga Taong may Coronavirus-2019 (COVID-19) Impeksyon.

Pagkuwarentina ng Sarili

Ang pagbabago ay humihiling sa sinumang may alam na sila ay malapit na nakipag-ugay sa isang taong mayroon o maaaring mayroong COVID-19(tulad ng tinukoy sa itaas) mula 48 oras BAGO ang taong ito ay nagsimulang magkaroon ng sintomas at habang mayroong sintomas na magkuwarentina ng sarili sa tahanan ng 14 na araw mula sa kanilang huling pakikipag-ugnay sa kaniya.

Ang isang tao ay itinuturing na may malapit na pakikipag-ugnay sa isang tao na mayroon o maaaring mayroong COVID-19 kung sila ay:

- Naninirahan kasama o madalas na nasa tahanan ng taong mayroon o maaaring mayroong COVID-19.
- Ay isang matalik na kapareha ng isang tao na mayroon o maaaring mayroong COVID-19.

- Ay isang tagapag-alaga para sa isang taong mayroon o maaaring mayroong COVID-19.
- Nagkaroon ng anumang pakikipag-ugnay sa isang taong mayroon o maaaring mayroong COVID-19, mula sa 48 oras bago sila nagsimulang magpakita ng mga sintomas hanggang matapos ang pagkahiwalay ng taong iyon.
- Nasa loob ng anim na talampakan ng isang taong mayroon o maaaring mayroong COVID-19 ng higit sa 10 minuto.
- Nagkaroon ng hindi protektado at direktang pakikipag-ugnay sa mga pagtatago o mga excretion (pagbahing o ubo) ng isang taong mayroon o maaaring mayroong COVID-19.

Kinakailangan ang mga indibidwal na i-kuwarentina ang kanilang sarili para sa buong 14-araw ng COVID-19 na incubation dahil sila ay nasa mataas na peligro para sa pagkakaroon o pagkalat ng COVID-19. Ang mga taong naka-kuwarentina ay hindi maaaring umalis sa kanilang lugar ng kuwarentina o pumasok sa anumang pampubliko o pribadong lugar para sa tagal ng kanilang kuwarentina, maliban na lamang kung kailangang makatanggap ng pangangalagang medikal.

Ang sinumang tao na mayroon ng mga kundisyon sa itaas ay dapat sumunod sa mga iniaatas na itinakda sa Mga Patnubay sa Kuwarentina sa Tahanan ng Mga May Malapit na Pakikipag-ugnay sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19).

Ang Opisyal ng Kalusugan ay maaaring gumawa ng karagdagang (mga) aksyon, na maaaring kasama ang civil dentention sa isang pasilidad sa kalusugan o iba pang lokasyon, upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko kung ang isang indibidwal na sumasailalaim sa utos na ito ay lumalabag o hindi sumunod sa utos na ito. Ang paglabag sa utos na ito ay isang misdemeanor na maaaring parusahan ng pagkabilanggo, multa, o pareho.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###